BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# MEDIA ADVISORY

baaqmd.gov

**PETSA:** Nobyembre 19, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, iho-host ang Talakayan sa Malinis na Hangin sa San Lorenzo sa Disyembre 7

***Publiko, iniimbitahang magbahagi ng mga tanong at alalahanin sa kalidad ng hangin***

**SAN FRANCISCO –** Magho-host ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng harapang pag-uusap sa Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Davina Hurt sa **Sabado, Disyembre 7, 2024, mula 12 ng tanghali – 1 p.m.** sa Greenhouse Community Room sa San Lorenzo Public Library. Tutuon ang pag-uusap sa mga tanong at alalahanin sa komunidad tungkol sa mga isyu sa kalidad ng hangin at pagbabago ng klima.

**ANO:** Pagtalakay tungkol sa mga isyu sa kalidad ng hangin at alalahanin

**SINO:** Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Davina Hurt

**KAILAN:** Sabado, Disyembre 7, 2024, mula 12 ng tanghali - 1 p.m.

**SAAN:** San Lorenzo Public Library, Greenhouse Community Room
395 Paseo Grande
San Lorenzo, CA 94580

Ang event na ito ay ang ikalima sa isang serye ng *Mga Talakayan sa Malinis na Hangin* na gagawin sa buong Bay Area. Isa itong oportunidad para sa publiko na magkaroon ng hindi pormal na pag-uusap sa Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Davina Hurt, at magbahagi ng mga saloobin, ideya at alalahanin sa ibang tao sa komunidad.

Bukod sa pagsisilbi bilang Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin, si Davina Hurt ay isa ring miyembro ng Lupon ng Lupon ng Mga Resource ng Hangin, Pangalawang Tagapangulo ng Komisyon sa Malinis na Tubig ng Silicon Valley, at miyembro ng konseho at dating alkalde ng Lungsod ng Belmont. Ang mga komentong ibibigay sa Mga Talakayan sa Malinis na Hangin ay ibabahagi sa Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin na may 24 na miyembro sa kanilang mga buwanang meeting.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*